Pagbaha



Handa ka na ba laban sa isang Baha o Biglaang Pagbaha (Flash Flood)?

Ito ang maaari mong gawin upang maghanda para sa ganoong pangyayari

Alamin kung ano ang dapat asahan

- ✓ Alamin ang panganib ng iyong lugar sa baha. Kapag di sigurado, tawagan ang iyong lokal na Red Cross chapter, emergency management office, o planning o zoning department.
- ✓ Kung walang tigil ang matinding pag-ulan nang ilang oras na, o kung panay ang pag-ulan sa mga nakaraang mga ilang araw, maging handa sa posibilidad ng pagbaha.
- ✓ Makinig sa lokal na himpilan ng radyo at telebisyon para sa impormasyon ukol sa pagbaha.

Bawasan ang maaaring pinsala ng baha, sa pamamagitan ng-

- ✓ Ilipat sa mataas na lugar ang iyong furnace, water heater, o saksakan ng koryente kung ang mga ito ay nakalagay sa mga lugar sa iyong bahay na maaring bahain.
- ✓ Sumangguni sa isang eksperto para sa karagdagang impormasyon kung pwedeng isagawa ito at ang mga iba pang paraan para mabawasan ang maaaring maging pinsala.

Ang mga pagbaha ay maaaring mabuo sa loob ng ilang oras hanggang ilang araw-

- ✓ Ang pagkakaroon ng isang Flood Watch ay nangangahulugan na ang isang pagbaha ay maaaring mangyari sa iyong lugar.
- ✓ Ang isang flood Warning ay nangangahulugan na ang pagbaha ay kasalukuyan nang nangyayari o di kaya'y malapit nang mangyari sa iyong lugar.

Ang mga Flash floods o biglaang pagbaha ay maaaring mabuo sa loob ng ilang minuto hanggang ilang oras lamang-

- ✓ Ang pagkakaroon ng isang Flash Flood Watch ay nangangahulugan na ang isang biglaang pagbaha ay maaaring mangyari sa iyong lugar.
- ✓ Ang isang Flash Flood Warning ay nangangahulugan na ang biglaang pagbaha ay kasalukuyan nang nangyayari o di kaya'y malapit nang mangyari sa iyong lugar.

Maghanda ng isang Plano na Pampamilya sa panahon ng sakuna

- ✓ Tingnan kung ikaw ay mayroong insurance na kabilang ang pagbaha. Kung hindi, alamin kung paano kumuha ng insurance laban sa pagbaha.
- ✓ Itago ang mga insurance policies, papeles at iba pang mga mahahalagang bagay sa isang safe-deposit box o kaha de yero.

Bumuo ng isang Disaster Supplies Kit na naglalaman ng-

- ✓ First aid kit at mga importanteng gamot.
- ✓ De-latang pagkain at abre-lata.
- ✓ Di kukulang sa 3 gallon na tubig bawat tao.
- ✓ Damit na makakapal at pang-proteksyon, saplot laban sa init o lamig, mga kumot, sapin at mga sleeping bags.
- ✓ De-bateryang radyo, flashlight, at mga baterya.
- ✓ Espesyal na mga kagamitan para sa sanggol, mga matatanda o mga may-kapansanan na kapamilya.
- ✓ Mga nakasulat na kautusan kung paano isara ang gas o kalan, koryente at tubig kung ito ay ipag-utos ng mga awtoridad. (Tandaan, kung mayroon kang natural gas service, kailangan mo ng isang eksperto upang mabuksan muli ito.)

Tukuyin kung saan ka pwedeng pumunta kung ikaw ay pinalikas. Pumili ng iba't ibang mga lugar...isang bahay ng kaibigan sa ibang bayan, isang motel, o isang shelter.

Kapag idineklara ang isang flood WATCH-

- ✓ Ilipat ang iyong mga kasangkapan at mga mahalagang ari-arian sa mga mas mataas na palapag ng iyong bahay.
- ✓ Punuin ang tanke ng gasolina ng iyong sasakyan, kung sakaling ipag-utos ang paglikas.

Kapag idineklara ang isang flood WARNING-

- ✓ Makinig sa lokal na himpilan ng radyo at telebisyon para sa impormasyon at mga payo. Kapag sinabihang lumikas, gawin ito agad.

Kapag idineklara ang isang Flash flood WATCH-

- ✓ Maging alerto sa mga senyales ng biglaang pagbaha at maging handa upang agad na lumikas.

Kapag idineklara ang isang Flash flood WARNING-

- ✓ O kung sa tingin mo ay nagsimula na ito, lumikas na agad. Maaaring may ilang segundo ka lamang upang makatakas. Kumilos agad!
- ✓ Lumipat sa mas mataas na lugar, malayo sa mga ilog, sapa, kanal at mga lagusan pang-bagyo. Wag magmamaneho na pa-iwas sa mga barikada...inilagay ang mga yan para sa iyong kaligtasan.
- ✓ Kapag tumirik ang iyong sasakyan sa gitna ng mabilis na tumataas na baha, agad na lumabas at umakyat sa mas mataas na lugar.

Ang iyong lokal na sanggunian ay:

Handa ka na ba laban sa isang Pagbaha o Biglaang Pagbaha (Flash Flood)?

Ang matagal na pag-ulan sa loob ng ilang araw o ang isang pagbara ng yelo ay nagiging sanhi upang ang isang ilog o sapa ay umapaw at magbaha sa nakapaligid na lugar. Ang isang biglaang pagbaha mula sa isang nasirang dam o isang levee, matapos ang matinding pag-ulan na isang pulgada (o higit pa) bawat oras, ay madalas na nakakabigla para sa mga taong di handa.

Datapwat, ang alituntunin para sa kaligtasan ay simple lamang: lumipat sa mas mataas na lugar at iwasan ang tubig. Kahit ang mababaw ngunit mabilis na agos ng tubig-baha ay may dulot na mas malakas na puwersa kaysa sa inaasahan ng maraming tao. Ang pinakadelikadong gawain ay ang sumubok na maglakad, lumangoy, o magmaneho sa ng ganitong kabilis na tubig-baha.

Subalit, may mga hakbang kang maaring gawin upang maghanda para sa ganitong mga sitwasyon. Isali ang iba't ibang mga kapamilya upang isagawa ang bawat isa sa mga gawain sa checklist sa ibaba. Pagkatapos ay itipon ang buong pamilya upang talakayin at pagkasunduan ang inyong Home Flood Plan.

____ **Tukuyin kung kayo ay nasa isang bahain na lugar.**

Bahain na lugar: ☐ Oo ☐ Hindi

____ **Kung ikaw ay nasa isang bahain na lugar, ang baha ba ay sakop ng iyong homeowner's o renter's insurance policy? (Karamihan sa mga insurance policies ay partikular na di sinasama ang baha mula sa tumataas na tubig.)**

Flood insurance: ☐ Oo ☐ Hindi

____ **Kung ang pagbaha ay di sakop ng iyong homeowner's o renter's policy, kumuha ng hiwalay na flood insurance.**
Insurance company:_____

____ **Itago ang mga kasalukuyang kopya ng lahat ng mga importanteng papeles o gamit sa isang safe-deposit box o kaha de yero.**
Kinalalagyan ng safe-deposit box:_____

____ **Bumuo ng isang Disaster Supplies Kit sa isang malinaw na tinatakan at madaling kuhain na kahon.**

Kinalalagyan ng Disaster Supplies Kit:_____

____ **Magsulat ng mga kautusan kung paano isara ang gas o kalan, koryente at tubig. (Kung mayroon kang natural gas service, kailangan mo ng isang eksperto upang mabuksan muli ito.)**

Isinulat ang Kautusan noong:_____
(petsa)

____ **Mag-desisyon kung saan pwedeng pumunta ang iyong pamilya kung sakaling kailangan ninyong lumikas. Ipaliwanag ang iyong plano sa iyong mga kamag-anak o kaibigan na balak mong tuluyan-o kaya ay pumunta sa isang Red Cross shelter. Kumuha din ng isang ekstra na mapa at markahan ang dalawang kahaliling paraan upang marating ang lugar na iyon. Idagdag ang mapa sa iyong Disaster Supplies Kit.**

Nakumpleto ang Plano ng Paglikas noong:_____
(petsa)

At tandaan...kapag may mangyaring lindol, buhawi, pagbaha, sunog o anumang kalamidad sa iyong bayan, maaasahan mo na nandoon ang iyong lokal na American Red Cross chapter upang tulungan ka at ang iyong pamilya. Ang iyong Red Cross ay hindi isang ahensya ng gobyerno at umaasa sa kontribusyon ng iyong oras, pera at dugo.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan lang po sa iyong lokal na American Red Cross Chapter, National Weather Service office o emergency management office. Maaari mo ring puntahan ang mga Web sites na ito:

American Red Cross: **www.redcross.org**

National Weather Service: **www.nws.noaa.gov**

Federal Emergency Management Agency: **www.fema.gov**

ARC 4458 – Online Version
Tagalog
Rev. Aug. 1998